

HANDUM (Inspired by true events)

Written by Manie Magbanua, Jr.

November 29, 2009

SEQ 1. EXT Kalye. Umaga

Naglalakad ang bata sa tabi ng malikabok at lubak-lubak na daan. Matatalim ang mga bato at may mga ebak ng kalabaw. Tumatagaktak ang kanyang pawis sa noo at leeg.

May paparating na mabilis na kotse. Madadaan si TOTO, 12 taong gulang, panglima sa anim na anak ni Mang Ladio at Aling Neneng. Payat, maitim, grade 6 sa Ilawod Elementary School. Masipag at matanong si Toto. Suot niya ay luma at butas-butang na sapatos na kasing kulay na ng kalawang. Matatabunan siya ng makapal na alikabok. Maninikit ito sa kanyang buhok na basa pa mula sa pinaghalong pawis at tubig na kanyang *pinanligo*. Mapapahinto siya at magtatakip ng mukha. Susundan niya ng tingin ang papalayong kotse at mapapatuloy ito sa paglalakad.

SEQ2. INT. Classroom. Umaga

Makakarating ng eskuwela si Toto. Bahagyang late. Nakatayo na sa harapan ng klase ang kanilang class adviser na si TEACHER MALOU, 25 taong gulang. Papasok siya classroom at uupo sa tabi ni JINKEE, matalik niyang kaibigan mula pagkabata. Pilya at may pagkapilosopo si Jinkee. Mahilig sumayaw. Magkaibigan ang kanilang mga magulang. Magha-hi five ang dalawa.

Magsisimula ang klase.

TEACHER MALOU
Good morning students!

STUDENTS
Good morning Ms. Claveria!

TEACHER MALOU
Sa sunod nga semana mabisita ang atun Mayor rudya sa eskwelahan natun.
Kinahanglan mapreparar gid kita. Umpisa Sarum-an, manglimpiyo kita kang bilog nga eskwelahan.
Umpisa sa classroom natun pati ang garden natun sa guwa.
Naintsindihan niyo?

*Sa susunod na linggo bibisita ang Mayor natin.
Kailangan maghanda tayo. Simula bukas ay maglilinis tayo ng buong paaralan.
Simulan natin dito sa classroom tapos sa garden natin sa labas.
Maliwanag?*

STUDENTS
Yes Ma'am!

TEACHER MALOU

Ang class president natun ang madumara sa panglimpiyo ha? Masunod gid kamo kana.
Ang class president ang mamumuno sa paglilinis at susunod kayo sa kanya, maliwanag?

STUDENTS
Yes Ma'am!

Titingin si Bb. Malou kay Toto. Magkakaintidihan ang dalawa at tatango si toto bilang pagtanggap sa kanyang tungkulin.

SEQ3 EXT. School. Hapon

Tapos na ang klase. Naglalakad si Toto palabas ng gate ng paaralan. Mapapahinto siya at makikita ang ibang mga batang nagsasanay sa entablado. Kakaway si Jinkee at sesenyanan siyang mauna nang umuwi.

Lalabas siya ng gate. Mapapansin niya ang nakasabit na karatulang:

WELCOME!
HON. BOY MAYTUIG

Patuloy siya ng paglalakad pauwi.

SEQ4. INT. Hapon/Gabi

Nagbibihis si Toto. Abalang-abalang naghahanda ng hapunan ang inang si ALING NENENG, 42 taong gulang, nakasuot ng patadyong, katamtaman lang ang pangagatawan. Isa siyang labandera, masipag at at relihiyosa.

Nagliligpit naman ng gamit mula sa bukid ang kanyang tatay na si LADIO, 50 taong gulang, maitim ang balat at katamtaman ang pangagatawan. Dating driver pero ngayon ay suma-side line nalang bilang mekaniko at nag-aalaga ng mga hayup at palayan.

Tumutulong ang ibang kapatid sa paghahain at pagliligpit ng mga gamit sa bahay habang ang bunsong si Nene ay naglalaro sa ibabaw ng mesa.

Huhubarin ni Toto ang kanyang sapatos at tititigan ito. Matagal na niyang hinahangad na mapalitan ito ng bago. Makikita na malalim ang kanyang iniisip at malungkot na pinagmamasdan ang luma at sira-

sirang sapatos. Ito ang tanging nagpuprotekta sa mga mura niyang paa mula sa matatalim na bato, putik at alikabok sa daan. Lilington sa ina.

TOTO

Nay, san-o ayhan makid-an ang karsada natun man?

Inay, kelan kaya maayos ang kalsada natin?

ALING NENENG

Ay ambay! Ano ruman imo pamangkot ngara man?

O bakit? Bakit mo naman naitanong yan?

TOTO

Budlay magpanaw adlaw-adlaw no. Puro yab-ok!

Kis-a lao! Yawan timo.

Ang hirap kasi.

Araw araw nalang kung hindi alikabok, putik ang sasambulat sayo.

ALING NENENG

Ay agwantaha!

Raay hu... mangkuta tatay mo.

Ay ewan. Magtiis ka.

Ayan oh, itanong mo diyan sa tatay mo.

Titingin si Toto sa Tatay. Tatayo siya at itatabi ang sapatos. Titingin din sa kanya ang ama.

LADIO

Ay ambay man gani. Wara man takun ka maan.

Tubuan takun ka kalag, amon run ria tana.

Ano naman ang isasagot ko diyan?

Nagkamalay ako sa mundo na ganun na yan.

TOTO

Eh, andut gani? Andut nga wara ginakid-an haw?

Bakit kaya? Bakit hindi inaayos?

ALING NENENG

Wara ti kuwarta ra eh.

Eh, baka walang perang pampaayos.

TOTO

Andut sa Iraya mayad man? Sa Buhang amo man.

Daw kita lang tana ang nabayaan haw? Wara gid tatun ginaapak.

*Bakit sa Iraya, maayos ang daan? Sa Buhang maayos din.
Tayo lang ang napapagitnaan ang sira sira parin.*

LADIO

Kid-anun run daad ra kauna kaso napatay bay ang Mayor kauna.

May pondo run ria kato.

Kang bata na run ang nagbulus kana, wara run maman-i. Ay, ambay gani.

Aayusin na sana yan dati kung hindi lang namatay ang dating Mayor.

Ang alam ko may pondo na yan.

Nung pumalit na ang anak niya, ayun. Hindi ko na alam kung ano ang nagyari.

Tapos nang maghanda ng hapunan si Aling Neneng.

ALING NENENG

Dali run mayapon ta.

Tapos ikaw (*looking at Toto*) agto kaw karon sa tindahan ni Acay.

Utang anay kaw to ka mantika.

Wara ta ti piririto ka pamahaw ta sarum-an.

*Tara na kumain na tayo at pagkatapos,
pumunta ka sa tindahan ni Acay at bumili ng mantika.*

Wala tayong pamprito ng ulam sa almusal.

Dan, didto kaw mamangkot.

Didto nga daan tanan nga tsismis. Basi palang bay may masabat kanimo to...

Yun! Doon mo narin hanapin ang sagot sa tanong na yan.

Nandun lahat ng tsismis eh...

Duro timo ti nadumduman gid.

Hay naku! Mausisa ka talagang bata ka.

Uupo ang lahat at kakain ang buong pamilya.

SEQ5. EXT. Tindahan. Gabi

Nag-iinuman at nagtsi-tsismisan sila TONIO, SAMMY at DUDAY sa tindahan ni ALING ACAY, nasa 40 taong gulang, biyuda at leader ng mga kababaihan sa kanilang baranggay. Dadating si Toto hawak ang *lapad* na paglalagyan ng tingi-tinging mantika.

TOTO

Nang Acay!

Aling Acay!

Lalabas si Acay

ACAY

Ano imo 'to?

Anong bibilhin mo 'to?

TOTO

Mautang kuno si nanay ka mantika. Lima ka pisos.

Utang sana si Inay ng limang pisong mantika.

Kukunin ni Acay ang Lapad at sasalinan ng mantika.

TOTO

Nang Acay, san-o ayhan tana makid-an ang karsada ta man?

Aling Acay, alam mo ba kung kelan maaayos itong daan natin?

ACAY

Aba, ano liwan tana imo nga nadumduman ngara To man?

Ambay ay. Tuon bala ka mayad para kun magmanggaranun kaw gani ikaw mapakid-an.

Aba, bagong katanungan nanaman yan To ah.

Ewan. Mag-aral kang mabuti at pag yumaman ka na, ikaw ang magpaayos.

Matatahimik si Toto. Dadating si KAGAWAD RICKY sakay ng kanyang tricycle. Bababa ito at babatiin ang mga nakatambay sa Tindahan.

TONIO

Kagawad mayad nga gabii.

Shot ta!

KAGAWAD RICKY

Sige ah, kamo lang anay.

Mapapatingin kay Toto

KAGAWAD RICKY

Oy, To. Kumusta si Tatay mo?

Uy, Toto. Kumusta ang Tatay mo?

TOTO

Mayad man ah.

Didto sa balay nagapahuway.

Mabuti naman po.

ACAY

Ay, nagapamangkot ria kun san-o kuno makid-an ang karsada ta.
Badwinis ko takun kara. Amo run man ria halin kauna.

*Ayan, tinatanong ng bata kung kelan daw ba maayos ang kalsada natin?
Ako, wala ring alam. Kinalakihan ko na ring ganyan yan eh.*

KAGAWAD RICKY

Ay maan. Pagkatapos kang eleksyon ra eh.
Pigado gid abi ang kapitan ta mong.

*Ganun ba? Eh baka pagkatapos ng eleksyon.
Eh mahina ang Kapitan natin eh.*

TOTO

Sige amuna ako ah.

KAGAWAD RICKY

Sige andam kaw diyan.

Kumusta lang k okay Tatay mo ah.

Tatalikod nalang si Toto at maglalakad pauwi. Pag-uusapan siya ng mga tao sa tindahan

DUDAY

Duro gid tana ti nadumduman ang bata ni Ladio ngadya no?
Daw mal-am run bala maminsar haw.

*Itong Anak ni Ladio lagi nalang may tanong.
Ang bata-bata eh, kung ano na ang nasa isip.*

ACAY

Aram bay. Suwerta gani si Neneng diyan kara mong.
Mayad lang ra kun indi maglinapot subun.

*Matalino kasi. Ang suwete ni Neneng diyan sa anak niyang yan.
Sana hindi maligaw ng landas.*

KAGAWAD RICKY

Ti, Cay, may aktibidades run ang mga kababaihan mo para sa piyesta?
Acay, meron na bang activity ang mga kababaihan mo para sa fiesta?

ACAY

May plano run daad eh kaso wara pa ti pondo.
Diin ta manglaghap kadya bay tanan man nga tawo wara ti kuwarta.

*May napag-usapan na kami pero wala pa kaming pera.
Mahirap mag solicit ngayon at walang pera ang lahat ng tao.*

limbatahan nga mga tambay si Kagawad Ricky na uminom.

TONIO

Ay, tagay pa!

Migo, shot bi anay!

O, tagay pa!

Kagawad, isang shot muna!

KAGAWAD RICKY

Yogs, kamo lang anay ah. Ipahuway ko anay atay ko.

Tam-an gid ko kabii sa bertday ni Kalbo ba.

Sige kayo na muna. Ipapahinga ko muna itong atay ko.

Nakarami din ako sa birthday ni Kalbo kagabi eh.

SAMMY

Maagto kuno si Mayor diya sa Lunes?

Yamat, delihensiya kaw gali liwan kara eh.

Mayad gidman tana kun rapit sa luwag ah, rapit man sa grasya.

Dadating daw si Mayor sa Lunes ah.

Malamang makakadelehensiya ka nanaman niyan.

Iba talaga pag malapit ka sa kaldero eh, laging nakakatikim ng grasya.

KAGAWAD RICKY

Lapot! Pati-pati man tino sa kutso-kutso.

Ti, panaw ko anay ah. Matawas ako sa mga tanod maglibot.

Gintakawan kuno balay ni Rachel kabii.

Basi magbalik bala haw amo ra andam kamo.

Hindi naman. Wag kayong maniwala sa mga tsismis.

Sige aalis na ako. Sasamahan ko pa ang mga tanod sa pagroronda.

May nagnakaw daw kagabi sa bahay nila Rachel.

Baka umatake nanaman mamaya kaya mag ingat kayo.

TONIO

Ikaw timo andam. Aswang kuno bay ra si Rachel, hehehe.

Basi takawun na atay mo.

Ikaw ang mag ingat. Aswang daw yung si Rachel, hehehe.

Baka nakawin yang atay mo.

KAGAWAD RICKY

Abu, ti kun tana lang man ang aswang, bisan pati tinae ko pa.

Aba eh kung aswang si Rachel eh ibibigay ko na pati bituka ko!

Magtatawanan ang lahat. Aalis si Kagawad Ricky. Patuloy sa pagtoma ang mga tambay.

SEQ6. EXT. Kalsada. Umaga

Katatapos lang ng ulan. Maputik ang daan. Makikitang naglalakad si Toto papasok ng iskul. May papalapit rumaragasang jeep at madadanan ang lubak. Matatalsikan siya ng putik at madudumihan ang kanyang uniform. Makikita ang kaawa-awang mukha ng bata na nakakatitig sa papalayong jeep.

SEQ. 7 EXT. Kalsada. Umaga

Naglalakad si Toto. Makakasalubong si KAPITAN TEBAN, baranggay captain ng Ilawod. Nasa 60 taong gulang, payat at medyo may kahinaan na ng konti. May dala-dalang supot sa kanang kamay.

TOTO

Mayad nga aga Kapitan.

Magandang umaga kaapitan.

KAPITAN

Mayad nga aga man.

Magandang umaga rin.

TOTO

Ano ra dara mo?

Saan ka galing?

KAPITAN

Pinakas kag itlog. Ginbakal ko didto kay Acay.

Pamahaw.

Bumili ng daing at itlog diyan sa tindahan ni Acay.

Pang almusal.

Ano natabo jan sa uniform mo?

O, bakit ganyan ang uniform mo?

TOTO

Natalsikan kang lao. Dasig abi ang jeep mong...

Natalsikan ng putik. Ang bilis kasi ng truck eh...

Kapitan, san-o kid-anun ang karsada natun ngayda man?

Kapitan, kelan kaya maayos itong daan natin?

KAPITAN

Ay, buhay ko run nga ginahulat-hulat ra. Ambay kay Mayor.

Buhay run ra ginapangayuan kang budget.

Ay naku. Matagal ko nang hinihintay yan. Ewan ko ba sa Mayor natin.

Matagal nang hinihingian ng budget yan.

TOTO

Ah... sige kap. Madiretso ko anay. Late run ako.

Ganun po ba. Sige po, Malelate na ako.

KAPITAN

Sige, andam kaw.

Sige, mag-iingat ka.

SEQ8. EXT. Hapon

Nakaupo sa Ilalim ng kahoy sila Toto at Jinkee.

TOTO

Gusto ko subun mag-Architect

Tapos sa Manila ako ma-college. Nami tana sa siyudad.

Kada uli mo rudya sa probinsiya, sikat kaw.

Paglaki ko gusto ko maging Architect.

Sa Manila ako mag-aaral. Ok dun sa (siyudad).

Sikat ka pag umuwi ka ditto sa probinsiya.

JINKEE

Paano bay? Wara man kamo ti kuwarta.

Paano ka makapag-aral dun?

Wala naman kayong pera.

TOTO

Ambay ay. Basta amo ra gusto ko.

Pag-nag abroad si Nang Bebe tana kuno mapa-eskuwela kanakun.

Ikaw tana bay?

Hindi ko alam. Basta yun ang gusto ko.

Pag-nakapag-abroad na si Ate Bebe, tulungan niya akong makapag-aral.

Ikaw? Ano ang gusto mo paglaki?

JINKEE

Dancer!

(homage to Hector's role in Astig and based on my friend Jinkee who is a dancer in real life.)

Magkakatinginan lang ang dalawa.

SEQ9. EXT. Kalsada. Hapon

Naglalakad si Toto at Jinkee pauwi.

TOTO

Indi bala si Ed naga-obra kay Mayor?

Diba *yunng kapit bahay niyong si Ed nagtatrabaho kay Mayor?*

JINKEE

Huod eh, Wanhaw?

Oo. Bakit?

TOTO

Ti imaw gali ra ni Mayor pag nag-agto rudya eh?

Eh di kasama siya pag pumunta si Mayor dito?

JINKEE

Siyempre, kun diin ang buli ni Mayor, didto man ra tana.

Malamang. Eh, nakadikit sa puwet ni Mayor yun eh.

TOTO

May pamangkot daad ako kay Mayor eh. Mpabulig bala ako kana.

May itatanong sana ako kay Mayor eh. Siya pala muna ang lapitan ko.

JINKEE

Ay munung timo diyen. Di na timo pagsapakun kato. Hambog nga daan ra.

Kami gani bisan ingud-balay lang, wara na ginasapak mong.

Abi na tana lang pinakasagad mong.

Hay naku. Hindi ka papansinin nun. Mayabang yun eh.

Kahit nga kaming kapit bahay niya hindi makakalapit sa kanya eh. Palibhasa nakapuwesto sa taas.

Pag umasta yun parang siya na ang pinakamatalino sa mundo.

Wanhaw? Ano liwan ria?

Si Mayor liwan tana imo ginahingabot haw?

Teka , ano nanaman bang inaambisyon mo?

Pati si Mayor ba naman kukulitin mo?

TOTO

Mangkuton ko lang man kun san-o kid-anun ang karsada natun.
Itatanong ko lang naman kung bakit sira-sira parin ang daan natin.

JINKEE

Sus Ginuo! Sapak timo ka mga amo ra?
Indi kaw gani ka bakal kang sapatos mo, mamroblema pa timo kang karsada.
Sus Ginuo! Pati yun pinoproblema mo?
Problemahin mo nalang kaya kung paano mapalitan yang sapatos mo?

TOTO

Amo ra gani...
Yun na nga eh...

JINKEE

Duro timo ti naman-an gid!
Abi ko gusto mo mag-Architect?
Imbestigador nalang timo.
Ang dami mong gustong alamin!
Akala ko ba gusto mong maging Architect?
Bagay sayo imbestigador.

Matatahimik ang dalawa.

TOTO

Oy, timprano kaw pa srum-an ha.
Oy, agahan mo bukas ha.

Patuloy ang paglalakad ng dalawa. Pagdating sa isang kanto, maghihiwalay ng daan si Jinkee pauwi sa kanila.

SEQ10. INT. Bahay. Gabi

Naglalaba si Aling Neneng. Tinutulungan siya ng isang anak na babae. Nakaupo si Toto sa tabi ng mesa at tinitingnan ang nanay at ang kapatid habang naglalaba. Lilingon sa kanya ang ina.

ALING NENENG

Indi pa timo magturog haw?
Aga pa klase mo srum-an bay?
Hindi ka pa ba matutulog?
Maaga pa ang pasok mo bukas.

TOTO

Wara kami ti klase.

Pero mabalik kami hay maagto bay sa eskwelahan si Mayor.

Wala po kaming pasok.

Pupunta lang kami sa school kasi dadating si Mayor.

ALING NENENG

Ay gali. Mayad eh maimawan mo anay si Tatay mo srum-an sa banwa.

Baligya niyo sangka idik.

Aga pa kamo mahal in hay panawun niyo lang bay.

Turog run to.

Ganun ba. Eh di mabuti para masamahan mo muna ang Tatay mo sa bayan.

Dadalhin niya ang isang baboy doon para ibenta.

Kailangan niyong umalis nang madaling araw kasi maglalakad lang kayo.

Sige, matulog ka na.

TOTO

Sige.

Opo.

Tatayo si Toto at papasok sa kuwarto. May kakatok sa pinto. Bubuksan muna niya ito. Papasok si Acay at didiretso kay Aling Neneng. Uupo siya sa stool kung saan tumayo si Toto. Papasok ng kuwarto si Toto.

Maririnig niya ang usapan ni Acay at ng ina.

ACAY

Maagto gali si Mayor rudya srum-an?

Pupunta daw pala si Mayor dito bukas?

ALING NENENG

Gani. Hambal man gani ni Toto amo ra wara tanda ti klase.

Oo nga daw. Kasasabi lang ni Toto kaya wala silang pasok.

ACAY

Ireklamo ta bala ang mga takaw rudya. Kurulbaan eh.

Tapos mangayo kita solicitation para sa piyesta.

Wara ti matabo kun masarig ta lang kay kapitan eh.

Ilapit na natin ang problema natin tungkol sa mga nakawan dito. Nakakatakot eh.

Tapos hihingi narin tayo ng pondo para sa project natin sa fiesta.

Kung iasa natin kay kapitan parang walang mangyayari eh.

ALING NENENG

Abaw huod Cay, sarig man timo kay Mayor. Abi mo sapakun na timo kara haw?

Sobra beynte anyos run ra, wara man ra ti himuan.

Nag-Mayor, nag-Vice Mayor tapos Mayor liwan, ti may natabo?

Mayad lang man ra mag-irinaway sanda diyan kang vice kag kumsehala na para tana lang mapulos kang tanan.

Agaway ka project. Agaway kun sin-o ang bida pirmi.

Ambay gani nga nagadaug pa tana r among.

Bakit, sa tingin mo ba may mangyayari pag lumapit ka kay Mayor?

Tingin mo ba papansinin ka? Sus, kelan ka ba pinanganak?

Mahigit 20 taon na yan sa puwesto.

Mula Mayor, nag Vice Mayor tapos na Mayor uli pero wala paring nagawa sa lugar natin.

Walang inaatupag kung di ang awayin lahat ng kasama niya para siya lang ang makikinabang sa lahat.

Hindi ko nga alam kung bakit nananalo pa yan eh.

Papasok si Ladio sa bahay. Titingnan siya ni Aling Neneng habang inilalagay ang mga dalang gamit sa sulok. Patuloy ang pag uusap ng dalawa.

ALING NENENG

Kanugon lang pinangabudlayan ni tatay na. Ginguba na lang ngaran tatay na.

Hasta kadya amo man gihapon ra ginagamit na para lang botohon.

Mga hangag man bi ang iba nga mga tawo mong. Wara gid pagmadla ah.

Saksakan lang kang kuwarta ang sungad nanda, maboto man gihapon.

Nasayang lang ang pinaghirapan ng ama niya. Sinira niya ang pangalan.

Hanggang ngayon, pera at pangalan parin ng tatay niya ang ginagamit para lang manalo sa eleksiyon.

Ang mahirap pa sa atin, tatanga-tanga din ang mga tao. Hindi pa namulat.

Sasaksakan lang ng pera sa bunganga, iboboto na agad.

Indi bala ginboto mo man ra?

Di ba binoto mo yun?

ACAY

Wara mong! Wara takun ka agi boto diyan kara.

Ginabaton ko lang eh kuwarta na kun eleksiyon, hehe.

Yadi pa dugang capital sa tindahan.

Uy hindi ha! Kahit kelan hindi ko binoto yun.

Tinatanggap ko lang ang perang binibigay niya pag eleksiyon, hehehe.

Sayang din pandagdag sa puhunan sa tindahan.

Basi palang bay mabulig kadya...

Rapit nalang eleksiyon bay. Sapakun na ta kara.

Eh, malay natin ngayon...

Malapit na ang eleksiyon kaya malamang papansinin niya tayo.

ALING NENENG

Ay sarig timo diyan. Pira ka eleksiyon run ang nag-agi haw?
Puti nalang sarabutan ta mayad kun katiraw ta kana kara. Kun tinaho na kaw, ti mayad eh.
*Haay... ilang eleksiyon na Acay. Puputi nalang ang bulbol natin wala tayong maasahan diyan.
Kung hindi ka kaalyado niyan, hidi ka papansinin.*

Sige, testingi lang. Basi palang bay...
Sige, subukan mo. Malay nga natin makatsamba ka. Amen!

Sisingit sa usapan si Ladio

LADIO

Indi pa kamo magpahuway? Sarum-an liwan ra.
Hindi pa ba kayo magpapahinga? Bukas na uli yan.

Magpapaalam si Acay

ACAY

Ti, mapanaw ako ah. Aga pa ko manindahan sarum-an
Tinda bay sa banwa.
May pabakal kaw?
*Sige tutuloy na ako. Maaga pa akong mamalengke bukas.
Diba araw ng palengke sa bayan bukas?
Baka may ipapabili ka?*

ALING NENENG

Si Ladio nalang. Mabaligya man ra ka idik sarum-an.
Si Ladio na. Magbibenta rin sila ng baboy bukas.

ACAY

Aba, mangaranun kaw gali sarum-an kara eh. Pautanga ta bi?
Aba mayaman ka pala bukas! Pautangin mo ako.

ALING NENENG

Pamunung timo diyan. Baydan ko nalang utang ko sa tindahan mo.
Barakal pa diya ka sapatos ni Toto no. Nagaguruwa run dila kang sapatos na kara.
*Tumigil ka! Babayaran ko nalang muna ang utang ko sa tindahan mo.
Bibili pa ako ng sapatos ng anak ko at bulok na ang sapatos niyan.*

SEQ11. INT. Loob Ng Sasakyan. Hapon

Dumadaan sa isang lubak-lubak na daan ang isang sasakyan. Sa likod nakasakay ang isang taong nasa 65 taong gulang, malaki ang tiyan at medyo namumuti na ang buhok. Siya si Mayor Boy Maytuig. Alkalde ng San Fernando. Mauuntog siya dahil sa tindi ng lubak na dinaanan ng kanyang sasakyan. Mapapasigaw siya sa kanyang driver.

MAYOR MAYTUIG

Hinay-hinay lang bi! Mahulat tana sanda kara!

Dahan dahan! Maghihintay sila sa atin!

DRIVER

Sorry Boss!

SEQ12. EXT. School Ground. Hapon

Naghahanda ang lahat sa Ilawod Elementary School. May simpleng palamuti ang maliit na entabladong gawa sa sementong hindi pa tapos. Tila naubusan ng budget kaya hanggang haligi nalang ang naitayo. Nagtitipon-tipon ang mga estudyante, guro, konsehal kasama si kapitan at ibang mga magulang. Sa isang luma at tunog latang sound system maririnig ang Kinaray-a music.

Music:

TARPOLANO by Tonio Rubido

May paparadang sasakyan sa labas ng gate. Bababa ang isang mamang nasa 30 taong gulang. May dalang bag at mga papeles. Siya si ED, ang pangunahing assistant ni Mayor. Graduate ng Commerce at nakapag asawa ng isang guro. Nai-recommend ng co-teacher ng asawa kaya nakapagtrabaho sa Munisipyo. Dahil magaling sumipsip, di kalaunan ay kinuha siyang *personal assistant* ng alkalde.

Mula sa harap aakmang bubuksan niya ang likurang pinto ng kotse pero mahuhuli siya. Kusang bubuksan at lalabas ng sasakyan si Mayor Boy Maytuig. Naka polo shirt, pantalon at balat na sapatos. Maapakan niya ang ebak ng kalabaw. Mabubuwisit ito.

Ipapahid ang sapatos sa damo. Aayusin ang suot at maglalakad na parang walang nagyari papunta sa mga taong naghihintay.

Magpapalakpakan ang mga tao.

Magsisimula ang programa. Mag-aalay ng sayaw ang grupo nila Jinkee.

Music:

ANG PROBINSIYANA GUWAPA by Noel Alamis

Sa malayo nakatayo si Toto. Pinapanood ang sayaw nila Jinkee at inaabangan ang pagsasalita ni Mayor. Panay ang tingin niya kay Mayor.

Pagkatapos ng sayaw, iwi-welcome ng MC si Mayor at tatawagin sa entablado. Aakyat si Mayor habang nagpapalakpakan parin ang mga tao. Kukunin niya ang mic at may maririnig na “classic” feedback.

MAYOR SIXTO

(complete speech will be written soon)

Sa mga masarigan gid natun nga mga konsehal.

Sa atun maabtik, kag mapisan nga baranggay Kapitan.

Sa atun pinalangga nga Principal.

Sa atun matandus gid nga mga maestro kag maestra

Sa atun pinalangga ng mga ginikanan.

Kag mga matutum gid nga mga kabataan,

Mayad nga aga gid kaninyo nga tanan.

Salamat sa inyo pag imbita nga makahambal ako sa inyo atubangan.

Ako ang inyo Mayor nga nagapalangga gid kaninyo.

Bisan duro rudya ang wara nagapalangga kanakun.

Okay lang ria.

Ako magapadayon gihapon sa pagserbisyo kaninyo nga wara ti kapin kang kulang.

Ang akun lolo tumanduk man kang inyo baranggay.

Ang pamilya kang akun asawa naghaling man rudya.

Amo ra nga ang dugo nga nagapanalaytay sa akun kaugatan, dugo kang sangka taga ig....

.... Kun may problema kamo, parapit lang kamo kanakun.

SEQ13. EXT. School Ground. Hapon

Habang nagsasalita si Mayor lalapit si Jinkee kay Toto. Magha-high five ang dalawa. Makikinig sila habang nagpupunas si Jinkee ng kanyang pawis.

Matatapos ang speech ni Mayor. Magpapalakpakan ang mga tao. Bababa ng entablado si Mayor at kakamay sa mga tao. Maririnig parin ang Kinaray-a music sa background. Sasalubungin siya ni Ed at ipapakilala sa mga supporters niya sa bario. Lalapit ang mga tao at makipag usap sa Mayor.

Nasa malayo nakatingin parin si Toto. Naghihintay ng tamang pagkakataon para malapitan ang alkalde.

Nasa crowd din si Acay. Lalapit siya kay Mayor pero hindi ito papansinin. Susubukan ni Acay na makuha ang atensiyon ni Mayor pero mabibigo ito.

Aakayin ni Ed si Mayor at ipapakausap sa ibang tao. Tuloy parin ang pakikipagusap sa mga taong malapit sa kanya.

Lalapit si Toto at Jinkee.

Magpapaalam na si Mayor at maglalakad sa kanyang saskyan. Tatakbo si Toto papalapit sa kanya.

Susunod si Jinkee. Unti-unting aalis ang mga tao.

Bubuksan ni Ed ang pinto at sasakay si Mayor. Bago palang maisara ang pinto may maririnig siyang twag mula sa bata.

TOTO
Mayor!

Mapapalingon si Mayor. Isasara niya ang pinto at ibaba ang bintana ng kotse. Lalapit si Toto sa bintana.

TOTO
Ako gali si Toto.
Bata ni Ladio nga Neneng bala haw. Driver kauno ni tatay mo.
Ako po si Toto
Anak ni Ladio, ang dating driver ng Tatay niyo.

MAYOR BOY MAYTUIG
Ay gali. Ikaw ang kalibaynan?
Ah, ganun ba? Ikaw ang bunso?

TOTO
Indi mong. Panglima ako.
Hindi po? Anim po kami. Panglima ako

MAYOR BOY MAYTUIG
Ti, kumusta si tatay mo?
Sadyahan man sa kandidato na?
Kumusta ang tatay mo?
Masaya ba siya sa paglipat niya sa kabila?

May kakaibang ngiti sa mukha ni Mayor.

TOTO
Mayad man ah. Wara run tana naga drive bay.
Nagamekaniko nalang tana kag nagasagod kang baboy kag taramnan.
Maayos naman po. Nasa bahay siya. Hindi narin siya nagmamaneho.

Nagmemekaniko nalang ang nag-aalaga ng nga hayup.

MAYOR BOY MAYTUIG

Mayad ra...

Mabuti...

TOTO

Mayor, san-o tana kid-anun ang karsada namun rudya man?

Mayor, kelan po ba maaayos ang daad sa amin?

Tititigan ni Mayor si Toto. Titingin si Mayor kay Ed na nakaupo sa front seat.

MAYOR BOY MAYTUIG

Ed, idawu bi kanakun ang brown nga folder diyan sa bag ko.

Ed, paki-abot mo nga sa akin ang folder na brown diyan sa bag ko.

ED

Dali lang boss.

Opo boss.

Titingin si Mayor kay Toto.

MAYOR BOY MAYTUIG

Dali bala rudya iho.

Halika iho.

Bubuksan ni Mayor ang pinto ng sasakyan at papaupuin si Toto sa tabi. Maiiwan si Jinkee sa labas.

Kukunin ni Mayor ang envelop at bubuksan. May kukunin siyang listahan.

MAYOR BOY MAYTUIG

Man-an mo kun ano diya?

Listahan diya kang mga boto ko sa mga baranggay.

Sa _____, nagdaug ako bale 400 ka boto.

Sa _____ 561 antad ko.

Sa 40 ka baranggay, apat lang ang wara ako magdaug kag sara diyan kara rudya kaninyo. Sa sobra 20 anyos ko sa puwesto, wara gid takun ka agi daug rudya.

Lantawa bala...

Alam mo kung ano ito?

Ito ang mga boto na nakuha ko sa bawat baranggay.

Sa _____, panalo ako ng 1000 votes.

Sa _____, panalo ako ng 561 votes.

Sa 40 baranggays sa buong bayan natin, panalo ako sa 36 baranggays.

Isa sa apat na baranggay kung saan natalo ako ay ang baranggay niyo.

*Dito mismo. Sa apat na eleksyong tumakbo ako hindi ako nananalo dito.
Ayan oh...*

Ipapakita ang resulta pati sa mga nakaraang eleksyon

MAYOR BOY MAYTUIG

Ti, andut nga mabulig takun kaninyo haw?

Padag-a niyo bala ako hay buligan ta kamo.

Ngayon, paano ko aayusin itong lugar niyo?

Panalunin niyo ako ditto at tutulungan ko kayo.

Magugulat si Toto. Hindi siya makapagsalita. Bakas sa kanyang mukha ang kalungkutan na tila ba nadagdagan pa lalo ang dami ng katanungang naglalaro sa kanyan isip.

Lalabas ng sasakyan si Toto. Aalis ang sasakyan ni Mayor. Maglalakad sila ni Jinkee papalayo.

SEQ14. EXT. Kalsada. Umaga

Katatapos lang ng ulan. Mag-isang nakatayo si Toto sa tabi ng lubak-lubak at maputik na daan.

Nakatingin lang siya sa matatalim na bato at ebak ng kalabaw bahagyang natunaw sa ulan. Suot niya ang bagong sapatos na binili ng ina. Malungkot ang mukha.

May paparating ng malaking truck. Mabilis. Madadaan ang malaking lubak. Tatalsik ang putik at tatama sa kanyang sapatos.

CUT TO BLACK

Text on black: HANDUM

CBB / Theme song: "Ang Napulo Ka Sugo" ni Sammy Rubido